

Q&A sa legal na problema tungkol sa impeksyon ng novel coronavirus

Para sa mga namomoblema dahil sa legal na problema
Huwag mag alinlangan tumawag sa Houterasu

Houterasu Multilingual Information Service
0570-078377

Karaniwang araw (maliban sa pagtatapos at bagong taon)
Mula 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon Ikokonekta ka ng isang interpreter sa opisina ng Houterasu na iyong ninanais at mag-iinterpret.

◆ Mga sinusuportahang wika ◆
Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portuges, Vietnamese
Tagalog, Nepali, Thai, Indones

- Ang bayad sa pagtawag ay naiiba depende sa uri ng telepono na ginamit, kontrata, at distansya.
- Hindi maaaring kumonekta sa numerong ito mula sa ibang bansa.
- Magsisimula kami sa pagtugon sa wikang Indones sa Enero 2021.

Ang Japan Legal Support Center (Houterasu) ay isang pampublikong korporasyon ng itinatag ng gobyerno.
Para sa mga detalye, tingnan ang website ng Houterasu.
<https://www.houterasu.or.jp/en/index.html>



Nang namomoblema ako dahil nawalan ako ng trabaho, ipinakilala sa akin ng aking kaibigan ang isang advertisement na nagsasabing “maaari akong humiram ng sweldo nang maaga.” Tila ito ay nakasulat rin sa wikang Hapon “Hindi isang negosyo na nagpapahiram ng pera.” Okay lang ba na mangutang para sa agarang gastos para sa pang araw-araw na pamumuhay?

Mataas ang posibilidad na ito ay isang mandarayang lender, kaya mapanganib na mangutang. Naiulat na ang mga lender ng pera na may mataas na interes at hindi nakarehistro bilang negosyo na nagpapahiram ng pera ay nakikinabang mula sa kaguluhan na dulot ng novel coronavirus. Tila mayroong mga ulat na tinatawag silang “Salary Factoring” at hinihikayat nila ang mga tao sa pamamagitan ng “Dahil ito ay hiniram nang maaga, hindi ito isang pautang.”

Ang paghiram mula sa mga lenders na ito ay nahuhulog sa isang masamang siklong nanghiram sa ibang lender na may mataas na interes upang mabayaran ang interes sa lalong madaling panahon.

Gayundin, kung namomoblema ka dahil wala kang pang gastos sa pang araw-araw na pamumuhay, kumunsulta sa malapit na opisina ng munisipyo.

Dahil sa impeksyon ng novel coronavirus, hindi ako nakabayad ng isang buwan na renta. Kailangan ko bang umalis kaagad?

Hindi maaaring kanselahin ang kasunduan sa renta kung ang pagkaantala ay hindi nakakasira ng pagtitiwala sa pagitan ng landlord at ng tenant. Karaniwan, kung mayroong pagkaantala na tatlong buwan o higit pa, ipinapalagay na nasira ang pagtitiwala.

Samakatuwid, kung hindi ka nakabayad ng renta ng mga isang beses lamang, hindi mo kinakailangan isuko ang iyong tinitirhan. Kahit na mayroong espesyal na usapin na isusuko kaagad ang tinitirhan kung mayroong pagkaantala na kahit na isang beses, maaaring itong maging invalid.

Para sa mga detalye, kumunsulta sa mga eksperto tulad ng mga abugado o judicial scrivener.

Binalak kong magkaroon ng kasal, ngunit, napagpasyahan kong kanselahin ito dahil sa epekto ng impeksyon ng novel coronavirus. Ang hotel na magsasagawa ng reception ay naniningil ng mataas na halaga ng cancellation fee. Kailangan ko bang bayaran ito?

Bilang pangkalahatang tuntunin, sa kahit sa anong kaso, susundin ang nakasaad sa kontrata sa pagitan ng mga partido (kasunduan) kung magkano ang dapat bayaran na cancellation fee.

Gayunpaman, kahit na nakasaad ang cancellation fee sa kontrata (kasunduan), kapag ang halaga nito ay lumampas sa average na pinsala na dulot (average loss) sa parehong uri ng negosyo, isaalang-alang na hindi kinakailangan magbayad para sa sobra na iyon. Ang halaga ng “average loss” na iyon ay komprehensibong pinagpasyahan habang isinasaalang-alang sa mga sitwasyon tulad ng dahilan at panahon ng pagkansela, kakaibang katangian ng kontrata, gastos sa paghahanda, kita na maaaring makuha, posibilidad ng pagpapalit o paglilihis ng kontrata, atbp., sa bawat kontrata.

Gayundin, tila ang mga hotel ay may kakayahang tumugon sa mga pagkansela dahil sa impeksyon ng novel coronavirus na ito, tulad ng pag limita ng cancellation fee sa halaga na katumbas ng aktwal na gastos, atbp.

Para sa mga detalye, kumunsulta sa mga eksperto tulad ng consumer service center, abugado, atbp.

Dahil sa mabilis na pagbaba ng kita dahil sa epekto ng impeksyon ng novel coronavirus, naging mahirap ang mga pagbayad tulad ng bayad sa elektrisidad, atbp.

Ang mga kumpanya sa kuryente, gas, mobile phone, insurance (life insurance at general insurance) ay gumawa ng mga hakbang upang maipagpaliban ang pagbabayad ng mga bayarin para sa mga kontratista na ang kita ay bumaba dahil sa epekto ng impeksyon ng novel coronavirus.

Para sa mga detalye, tanungin ang bawat kumpanya tulad ng talaga bang nagsagawa ng hakbang ng pagpapaliban ng pagbayad, o karapat-dapat ka ba sa pagliban, o gaano katagal ang panahon ng pagliban, atbp.

Nagtatrabaho ako bilang empleyado sa kontrata. Noong nakaraang araw, sinabi ng kumpanya na “Lumala ang business performance ng kumpanya dahil sa epekto ng impeksyon ng novel coronavirus, kaya hindi makaka renew ng susunod na kontrata.” Balak kong mag renew ng kontrata at magtrabaho sa parehong kumpanya ng mahabang panahon. Kailangan ko bang sundin ang kumpanya?

Para sa kontrata sa trabaho na may tiyak na panahon sa trabaho (fixed-term contract), kapag tumanggi ang iyong employer na i-renew ka, magwawakas ang iyong pagtatrabaho kapag natapos ang pahaon sa kontrata. Ito ay tinatawag na “pagwawakas ng kontrata sa trabaho.” Gayunpaman ang pagwawakas ng kontrata sa trabaho ay invalid sa ilang mga kaso mula sa pananaw ng proteksyon ng mga manggagawa.

Kung ang isang manggagawa ay paulit-ulit na nagrenew ng kanyang fixed-term contract, at nagtatrabaho sa estadong may malaki ang pagkakatulad sa isang indefinite-term contract na walang tiyak na panahon sa trabaho, o kung mayroong makatwirang dahilan upang asahan ang pagpapatuloy sa trabaho pagkatapos magwakas ng panahon sa fixed-term contract, ang pagwawakas ng kontrata sa trabaho ay magiging invalid. Sa kasong ito, kapag ang winakas ng iyong employer ang iyong kontrata sa trabaho nang walang makatwirang dahilan at ipinapalagay na hindi ito naaangkop sa mga pamantayan sa lipunan, isinaalang-alang na na-renew (nakapirma ng kontrata) ng fixed-term contract.

Gayundin, kung nais mong mainvalid ang pagwawakas ng iyong kontrata sa trabaho at magpatuloy sa trabaho, kinakailangan mong mag-apply para sa renewal ng fixed-term contract ang manggagawa.

Para sa mga detalye, kumunsulta sa mga eksperto tulad ng General Labor Consultation Corner para sa mga manggagawa, abugado, atbp.

Ang kumpanya na pinagtatrabahuan ko ay dumaranas ng pinansiyal na suliranin dahil sa epekto ng impeksyon ng novel coronavirus. Noong nakaraang araw, bigla akong sinabihan ng kumpanya na “Hindi mo na kailangan pumasok magmula bukas.” Biglaan ito kaya hindi ko alam ang dapat na gawin.

Maliban sa kung ang dahilan ay pagbabawal ng indibidwal na pagtanggap ng empleyado sa trabaho ayon sa batas, kinakailangan sundin ang mga probisyon sa kontrata sa trabaho at patakaraan tulad sa ibaba sa mga kaso sa korte at angkop na tumugon rito. Hindi eksepsiyon kahit na may epekto ng impeksyon ng novel coronavirus.

Ang pagpapasya ay gagawin habang isinasaalang-alang ang mga 4 na bagay na ito kung ituturing na valid ang pagtatanggal ng empleyado sa trabaho para sa muling pagsasaayos (pagtatanggal ng empleyado sa trabaho upang mabawasan ang labis na tauhan para sa kadahilanan sa negosyo): (1) Kung kailangan bawasan ang bilang ng empleyado o hindi, (2) Kung natupad ba ang obligasyon na iwasan ang pagtatanggal ng empleyado sa trabaho, (3) Makatwiran na pamantayan sa pagpili ng mga empleyado na papaalisin, (4) Pagkakaangkop na pamamaraan sa pagtatanggal ng empleyado sa trabaho (paliwanag, konsulta, atbp.).

Para sa mga manggagawa na may tiyak na panahon sa trabaho (mga may fixed-term contract), isaalang-alang ang apat na bagay sa itaas kapag tinanggal sa trabaho.

Tungkol sa fixed-term contract, ang pagtatanggal ng empleyado sa trabaho ay pinagpapasyahan nang mas mahigpit kaysa sa kaso ng kontrata sa trabaho na walang tiyak na panahon sa trabaho (indefinite-term contract) ayon sa batas ng kontrata sa trabaho na “Ang employer ay hindi maaaring magtanggap ng manggagawa sa trabaho sa panahon hanggang matapos ang panahon sa kontrata, maliban kung may mga hindi maiiwasang dahilan para sa kontrata sa trabaho na may tiyak na panahon (fixed-term contract).”

Ang pagwawakas ng kontrata sa trabaho (pagtanggap ng employer na i-renew ang fixed-term contract) ay hindi pinahihintulutan nang walang kondisyon. Halimbawa, ang mga employer ay hindi maaaring tumanggap sa aplikasyon ng manggagawa para sa renewal tulad ng kapag paulit-ulit nang na-renew ang fixed-term contract hanggang sa panahon na iyon ngunit hindi i-rerenew ay maaaring ihambing ng pagtatanggal ng manggagawang may indefinite-term contract ayon sa pamantayan sa lipunan.

Para sa mga detalye, kumunsulta sa mga eksperto tulad ng General Labor Consultation Corner para sa mga manggagawa, abugado, atbp.

Nagtrabaho ako bilang chef sa isang restaurant. Dahil sa epekto ng coronavirus, hindi makapagbukas ang restaurant at ako ay pinaalis sa trabaho. Naghahanap ako ng bagong magpagtatrabahuan, ngunit hindi madaling makahanap. Ano ang dapat kong gawin?

Hindi maaaring basta bastang tanggalin sa trabaho kahit na ikaw ay isang dayuhan (parehong nalalapat sa anumang katayuan ng paninirahan). Tulad sa isang Hapon, may mga mahihigpit na kondisyon upang magtanggap ng isang empleyado. Sa mga kasong tulad ng ang dayuhang empleyado lamang ang tinanggal sa trabaho, isaalang-alang na kumunsulta sa abugado, atbp., upang mainvalid ang pagpapatanggal sa trabaho, at humiling ng kabayaran para sa leave allowance habang sarado ang restaurant.

Sa kabilang banda, kung ang restaurant ay halos magsasara na at nagtanggap ng pati mga Hapon, wala nang iba pang pwede gawin kundi ang maghanap ng bagong trabaho. Gayunpaman, dahil sa epekto ng novel coronavirus, tila mahihirapan ka sa paghahanap ng bagong trabaho na naaangkop sa kondisyon ng iyong katayuan ng paninirahan (sa kasong ito, ang chef ay isang “Skilled Worker”).

Mayroong mga espesyal na hakbang sa katayuan ng paninirahan upang suportahan ang pagpapatuloy sa trabaho ng mga dayuhang tinanggal sa trabaho dahil sa epekto ng impeksyon ng novel coronavirus. Kung natugunan mo ang ilang sa mga kinakailangan tulad ng kung nakahanap ka ng pagtatrabahuan sa isang partikular na larangan ng industriya at nakapirma ng kontrata sa trabaho, pinahihintulutan na baguhin ang katayuan ng paninirahan “Tiyak na Aktibidad (maaaring magtrabaho)” ng hanggang isang taon. Bilang karagdagan, kung mahirap makahanap ng pagtatrabahuan, maaaring tumanggap ng suporta sa pagpapares sa isang rekruter sa pamamagitan ng suporta ng gobyerno. Kumunsulta sa Lokal na Immigration Bureau.

Ako ay isang internasyonal na mag-aaral na pumapasok sa paaralang may wikang Hapon. Pagkatapos makapagtapos mula sa paaralang may wikang Hapon, plano kong magtrabaho sa Japan, ngunit nakansela ang aking alok sa kadahilanang lumala ang business performance ng kumpanya dahil sa epekto ng coronavirus. Kung magwawakas ang aking panahon ng pananatili bilang internasyonal na mag-aaral, kailangan ko bang umuwi sa aking bansa?

Bago magwakas ang iyong katayuan ng paninirahan, kinakailangan mong makahanap ng mapagtatrabahuan na maaaring sumuporta sa pagbabago ng iyong katayuan ng paninirahan.

Ang Immigration Services Agency of Japan ay gumawa ng mga espesyal na hakbang upang suportahan ang mga dayuhang nahihirapan makahanap ng trabaho sa Japan dahil sa epekto ng impeksyon ng novel coronavirus. Kung natugunan mo ang ilang mga kinakailangan tulad ng kung ang internasyonal na mag-aaral na nakansela ang alok sa trabaho ay nakahanap ng pagtatrabahuan sa isang partikular na larangan ng industriya at nakapirma ng kontrata sa trabaho, pinahihintulutan na baguhin ang katayuan ng paninirahan sa “Tiyak na Aktibidad (maaaring magtrabaho)” ng hanggang isang taon.

May nagsasagawa ng suporta sa pagpapares sa isang rekruter para sa mga nahihirapan makahanap ng pagtatrabahuan, kaya mangyaring magtanong sa lokal na Immigration Bureau sa lalong madaling panahon pati ang pag konsulta sa pagbabago ng katayuan ng paninirahan.

Gayundin, kung nais mong magtrabaho na may Tiyak na Kasanayan, gamitin ang mga sumusunod na serbisyo.

<Website para sa Tiyak na Kasanayan>

<http://www.ssw.go.jp>

*Nagbibigay kami ng mga briefing session tungkol sa pangkalahatang sistema ng Tiyak na Kasanayan at mga impormasyon tungkol sa mga event sa pagpapares kung saan maaaring kumunsulta nang harapan (o online) ang dayuhan at ang kumpanya, sa mga dayuhang nais magtrabaho bilang manggagawa na may tiyak na kasanayan at sa mga kumpanya na nais mag tumanggap ng mga dayuhan bilang manggagawa na may tiyak na kasanayan.

<Specified Skilled Worker General Support Call Center>

Numero ng telepono: 03-6633-2539 (para sa mga dayuhan), 03-6625-4702 (para sa mga kumpanya)

Oras ng pagtanggap ng tawag: Mula Martes hanggang Sabado (*sarado sa pista opisyal) Mula 11:00 ng umaga hanggang 7:00 ng gabi

Mga sinusuportahang wika: Hapon, Vietnamese, Intsik, Ingles, Tagalog, Thai, Nepali, Indones, Burmese, Bengali, Sinhala, Khmer, Mongolian

*Maaari kang magtanong tungkol sa pamamaraan ng aplikasyon, paano sumulat ng mga dokumento, impormasyon sa pagsusulit, atbp.

Ako ay isang internasyonal na mag-aaral na pumapasok sa isang unibersidad sa Japan. Plano kong magtrabaho, ngunit nakansela ang aking alok sa kadahilanan na lumala ang business performance ng kumpanya dahil sa epekto ng coronavirus. Ang panahon ng pananatili ko bilang internasyonal na mag-aaral may malapit na rin magwakas. Wala na bang ibang magagawa kundi ang umuwi sa aking bansa?

Isaalang-alang na baguhin ang iyong katayuan ng paninirahan mula “Internasyonal na mag-aaral” sa “Tiyak na Aktibidad.”

Para sa layunin ng pagsuporta sa aktibidad sa trabaho ng mga nakapagtapos at mga internasyonal na mag-aaral na nakatapos ng unibersidad sa Japan (limitado lamang sa mga nagtapos sa unibersidad, graduate school, technical college, at vocational school course), para sa mga nakatugon sa ilang mga kondisyon, pinahihintulutan ang pananatili sa ilalim ng katayuan ng paninirahan na “Tiyak na Aktibidad” upang makasagawa ng mga aktibidad sa trabaho ng isang taon pagkatapos ng pagtatapos. Gayundin, kung nais mong ipagpatuloy ang iyong aktibidad sa trabaho pagkalipas ng isang taon na panahon ng pananatili bilang “Tiyak na Aktibidad” pagkatapos ng pagtatapos dahil sa pagkalat ng impeksyon ng novel coronavirus, maaari kang kumuha ng renewal para sa panahon ng pananatili. Makipag-ugnayan sa lokal na Immigration Bureau sa lalong madaling panahon para sa mga kinakailangan at dokumento na kinakailangan, atbp.

Bilang karagdagan, kung lumipat ka ng katayuan ng paninirahan sa “Tiyak na Aktibidad” para sa mga prospective na empleyado, ang katayuan ng paninirahan ay “Tiyak na Aktibidad” parin, ngunit kinakailangan ng pamamaraan upang baguhin ang “Paghihintay sa Alok” sa “Aktibidad sa Trabaho.” Kung natugunan mo ang ilang mga kinakailangan, pahihintulutan kang gumawa ng mga aktibidad maliban sa iyong katayuan at magtrabaho sa loob ng 28 oras bawat linggo (tinatawag na part-time). Makipag-ugnayan sa lokal na Immigration Bureau para sa mga pamamaraan.

Natapos ko ang technical intern training, ngunit hindi ako makauwi sa aking bansa dahil sa epekto ng pagkalat ng impeksyon ng novel coronavirus. Namomoblema ako dahil hindi ako mabubuhay sa Japan nang hindi kumikita hanggang sa makauwi ako sa aking bansa.

Para sa mga nakumpleto ang technical intern training, ngunit nahihirapan makauwi sa kanilang bansa dahil sa epekto ng pagkalat ng impeksyon ng novel coronavirus, kapag natugunan mo ang ilang mga kinakailangan tulad ng kung nakahanap ng pagtatrabahuan sa isang partikular na larangan ng industriya at nakapirma ng kontrata sa trabaho, pahihintulutan ka ng Immigration Services Agency of Japan na baguhin ang iyong katayuan ng paninirahan sa “Tiyak na Aktibidad (maaaring magtrabaho)” ng hanggang isang taon.

Bilang karagdagan, kung mahirap makahanap ng pagtatrabahuan, maaaring tumanggap ng suporta sa pagpapares sa isang rekruter sa pamamagitan ng suporta ng gobyerno. Kumunsulta sa pinakamalapit na lokal na Immigration Bureau tungkol dito.

Bilang karagdagan, kung gusto mo baguhin ang iyong katayuan ng paninirahan mula technical intern training sa specified skills, website para sa Tiyak na Kasanayan at call center na nakasaad sa pahina 4.

Ako ay isang may-ari ng kumpanya. Lumala ang business performance ng kumpanya dahil sa epekto ng impeksyon ng novel coronavirus at dapat magbawas ng trabaho. Tila may sistema ng pagsuporta, ngunit anong uri ng sistema ito.

Mayroong isang sistema na tinatawag na Employment Adjustment Subsidy na sumusuporta sa mga may-ari ng negosyo na napilitang bawasan ang kanilang mga aktibidad sa negosyo dahil sa mga kadahilanang pang-ekonomiya.

Kung pansamantalang nagsara, pinag-aral o pinagsanay, o pansamantalang mong linipat ang iyong mga manggagawa upang mapanatili mo ang mga manggagawa sa trabaho, ang tulong ay ang bahagi ng leave allowance, sahod, atbp., at dahil sa epekto ng impeksyon ng novel coronavirus, nagtaguyod ng espesyal na

mga hakbang upang mapagaan ang mga kinakailangan para sa pagbayad. Para sa pinakabagong impormasyon, tingnan ang website ng Ministry of Health, Labor and Welfare, o makipag-ugnayan sa Labor Bureau, Hello Work, call center para sa School Leave Subsidy at Employment Adjustment Subsidy.

<Call center para sa School Leave Subsidy at Employment Adjustment Subsidy> *Tumutugon lamang sa wikang Hapon

Numero ng telepono: 0120-60-3999

Oras ng pagtanggap: 9:00 ng umaga hanggang 9:00 ng gabi (Kasali ang Sabado, Linggo, at pista opisyal)

Bilang karagdagan, kung ang buwanang benta ay bumaba ng 50% o higit pa kumpara sa parehong buwan ng nakaraang taon, isaalang-alang ang paggamit ng "Sustainability Subsidy." 2 milyong yen ang ibabayad para sa mga korporasyon, at 1 milyong yen para sa mga sole proprietor. Tingnan ang website o makipag-ugnayan sa call center para sa Sustainability Subsidy tungkol sa Sustainability Subsidy.

<Call center para sa Sustainability Subsidy> *Tumutugon lamang sa wikang Hapon

• Mga nag-apply hanggang Agosto 31: Numero ng telepono 0120-115-570 (03-6831-0613 mula sa IP phone)

• Mga mag-aaply para sa bagong aplikasyon pagkatapos ng Setyembre 1: Numero sa telepono 0120-279-292 (03-6832-6631 mula sa IP phone)

Oras ng pagtanggap: Lunes hanggang Biyernes, Linggo (maliban sa pista opisyal) 8:30 ng umaga hanggang 7:00 ng gabi

Ako ay isang may-ari ng kumpanya. Dahil sa matagal na epekto ng impeksyon ng novel coronavirus, naubos na rin ang Sustainability Subsidy. Mayroon bang ibang sistema na maaaring sumuporta?

Isaalang-alang ang benepisyo para sa suporta para sa renta bilang benepisyo na maaaring magamit.

Ang benepisyo para sa suporta para sa renta ay isang benepisyo upang mabawasasn ang pasanin ng mga nagbabayad ng renta para sa lupa at gusali kung saan naroon ang mga negosyo para sa kanilang negosyo.

Ang mga nararapat para sa pagbayad ay ang mga katamtaman ang laki ng negosyo na may kapital na mababa sa 1 bilyong yen, mga maliliit at katamtaman ang laki ng negosyo, maliliit na negosyo, sole proprietors kabilang ang mga freelance, at ibibigay ito kung ang buwanang benta mula Mayo hanggang Disyembre 2020 ay bumaba ng 50% o higit pa kumpara sa parehong buwan ng nakaraang taon, o kung ang kabuuang benta ng 3 buwan na magkasunod ay bumaba ng 30% o higit pa kumpara sa parehong buwan ng nakaraang taon.

Ang halaga ng benepisyo ay kinakalkula batay sa renta na nabayaran sa 1 buwan kaagad bago ang araw ng aplikasyon.

Ang panahon ng aplikasyon ay mula Hulyo 14, 2020 hanggang Enero 15, 2021.

Para sa mga detalye, tingnan ang website ng Ministry of Economy, Trade and Industry o makipag-ugnayan sa numero sa telepono para sa dedikadong konsultasyon.

<Call center para sa benepisyo para sa Suporta para sa Renta> *Tumutugon lamang sa wikang Hapon

Numero ng telepono: 0120-653-930

Oras ng pagtanggap: Mula 8:30 ng umaga hanggang 7:00 ng gabi (kasama sa Sabado, Linggo, pista opisyal)

Negosyo na nagbibigay ng impormasyon at legal na tulong para sa sibil na kaso ng Houterasu

Anong uri ng serbisyo ang maaari kong matanggap sa pagtawag sa Houterasu Multilingual Information Service?

Ang serbisyong ito ay maaaring magamit ng mga gumagamit ng banyagang wika bilang kanilang katutubong wika at kung nais nilang makakuha ng impormasyon sa legal na sistema ng Japan at konsultasyon.

Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng three-way call sa pagitan mo, ng interpreter, at ng Houterasu staff. Ang three-way call ay usapan sa pagitan ng tatlong tao kung saan ang ikaw ay tatawag sa numero ng Multilingual Information Service (0570-078377), at ang interpreter ang maglilipat ng tawag sa lokal na opisina o branch na iyong ninanais, at mag-uusap ikaw at ang Houterasu staff sa pamamagitan ng interpreter.

Kung gusto mong malaman ang tiyak na paraan kung paano dapat lutasin ang mga legal na problema, kinakailangan ng legal na konsultasyon sa mga eksperto. Sa Multilingual Information Service, ipapasa namin kayo sa consultation desk na makakatulong lutasin ang iyong problema kabilang ang libreng legal na konsultasyon ng Houterasu.

Kahit na sino ba ay maaaring makakuha ng libreng legal na konsultasyon ng Houterasu?

Ang Houterasu ay nagbibigay ng libreng legal na konsultasyon sa mga hindi makatanggap ng legal na tulong mula sa mga abugado o judicial scrivener dahil walang pera at may problema sa sibil at domestic na mga kaso (legal na tulong para sa mga sibil na kaso at tulong para sa legal na konsultasyon). Kinakailangan matugunan ang mga kinakailangan sa ibaba upang magamit ang sistema na ito.

- Ang kita at pag-aari ay nasa loob ng tiyak na pamantayan
- Pagkakaroon ng adres sa Japan at nananatili ng legal (Gayunpaman, kung ang katayuan ng paninirahan ang problema at nagsampa ka ng demanda sa pamamahala ng disposisyon ng mga awtoridad hinggil sa katayuan ng paninirahan, at tila tiyak na kinikilala ng korte ang katayuan ng paninirahan alinsunod sa judicial precedent, sa mga espesyal na kaso, maaaring ituring na natugunan mo ang mga kinakailangan kahit na wala kang katayuan ng paninirahan.)

Bilang karagdagan sa opisina ng Houterasu, ang tulong para sa legal na konsultasyon ay maaaring magamit sa mga lugar para sa konsultasyon na nakarehistro upang magbigay konsultasyon para sa legal na tulong para sa mga sibil na kaso, tulad ng Bar Association, Judicial Scrivener Association, atbp.

Para sa mga detalye, tumawag sa Multilingual Information Service (0570-078377). Ikokonekta ka ng isang interpreter sa pinakamalapit na opisina ng Houterasu at gagabayan ka sa pamamagitan ng three-way call (ikaw, interpreter, at Houterasu staff).

Kung hindi mo natugunan ang mga kinakailangan para sa legal na tulong para sa sibil na kaso, ipapakilala ka namin sa consultation desk na nag nagsasagawa ng legal na konsultasyon tulad ng Bar Association, Judicial Scrivener Association, lokal na pamahalaan, atbp. Ang ilang mga consultation desk ay nagbibigay ng legal na konsultasyon na may bayad.

<Mga kondisyon sa paaggamit ng tulong para sa legal na konsultasyon>

Kinakailangan matugunan ang anuman sa pamantayan A at B.

Pamantayan A Ang kita ay mababa sa tiyak na halaga

Maliban sa kaso ng dispute ng mag-asawa, ang halaga ay matutukoy sa pagkalkula ng kita at pag-aari ng asawa bilang prinsipyo.

Ang pamantayan ng buwanang kita (1/12 ng taunang kita kabilang ang mga bonus) ay ang sumusunod.

Solo	Pamilyang may dalawang tao	Pamilyang may tatlong tao	Pamilyang may apat na tao
182,000 yen pababa (200,200 yen pababa)	251,000 yen pababa (276,100 yen pababa)	272,000 yen pababa (299,200 yen pababa)	299,000 yen pababa (328,900 yen pababa)

*Ang nasa loob ng () ay pamantayan para sa mga malalaking lungsod tulad ng Tokyo, Osaka, atbp.

*Para sa pamilyang may limang katao o higit pa, magdaragdag ng 30,000 yen (33,000 yen) kada karagdagang tao.

*Kung may mga gastos tulad ng gastos sa medisina, edukasyon, atbp., katumbas na halaga ang ibabawas.

*Kung nagbabayad ng renta o mortgage, ang kabuuang halaga ay idadagdag sa loob ng halaga ng limitasyon sa ibaba sa pamantayan ng kita sa itaas. Ang nasa loob ng () ay ang maximum na halaga na maaaring idagdag ng mga residente sa special ward ng Tokyo.

Solo	Pamilyang may dalawang tao	Pamilyang may tatlong tao	Pamilyang may apat na tao o higit pa
41,000 yen (53,000 yen)	53,000 yen (68,000 yen)	66,000 yen (85,000 yen)	71,000 yen (92,000 yen)

Pamantayan B Ang mga pag-aari ay mababa sa tiyak na halaga

Kinakailangan matugunan ang mga sumusunod na pamantayan para sa kabuuan ng cash at deposito.

Solo	Pamilyang may dalawang tao	Pamilyang may tatlong tao	Pamilyang may apat na tao o higit pa
1.8 milyong yen pababa	2.5 milyong yen pababa	2.7 milyong yen pababa	3 milyong yen pababa

Nais kong humiling ng solusyon sa problema sa abugado o judicial scrivener. Ano at magkano ang gastos para dito?


Karaniwan, ang mga uri ng gastos na babayaran sa abugado o judicial scrivener ay ang bayad sa legal na konsultasyon, retainer fee, incentive pay, handling fee, aktwal na gastos, pang araw-araw na allowance, bayad sa pagbibigay ng payo, atbp.

Ang mga indibidwal na abugado at judicial scrivener ang nagtatakda ng pamantayan ng mga gastos na ito at walang karaniwang na presyo.

Bilang karagdagan, nagsasagawa kami sa Houterasu ng libreng legal na konsultasyon sa mga hindi makatanggap ng legal na tulong mula sa mga abugado o judicial scrivener dahil walang pera at may problema sa sibil at domestic na mga kaso, at mayroong sistema na legal na tulong para sa sibil na kaso kung saan pansamantalang magbabayad sa mga gastos para sa abugado o judicial scrivener at mga gastos sa paglilitis, atbp.

Kinakailangan matugunan ang mga kinakailangan tulad ng ang kita at pag-aari ay nasa loob ng tiyak na pamantayan, hindi masasabi na hindi mananalo sa kaso, at naaangkop sa layunin ng legal na tulong para sa sibil na kaso upang magamit ang sistema ng legal na tulong para sa sibil na kaso. Kung gagamitin ang sistema ng pagbabayad para sa abugado o judicial scrivener, ang gastos ay itinakda batay sa pamantayan ng Houterasu. Ang itinakda na gastos ay pansamantalang ibabayad ng Houterasu sa abugado o judicial scrivener ng isang kabuuan. Bilang pangkalahatang tuntunin, ibabalik ng gumagamit ang buong halaga sa Houterasu sa pamamagitan ng pagbabayad ng installment.

Para sa mga katanungan tungkol sa sistema ng pagbabayad, tumawag sa Multilingual Information Service (0570-078377). Magbibigay ng paliwanag ang Houterasu staff sa pamamagitan ng isang interpreter.



日本司法支援センター

法テラス